SIPI MULA SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BALER, AURORA NA GINANAP NOONG IKA-14 NG NOBYEMBRE 2007 SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN

Mga dumalo:

KGG.NELIANTO C. BIHASA	Pang. Punong Bayan-Tagapangulo
KGG. ZENAIDA S. QUEIRJERO	Konsehal
KGG. BENJAMIN C. MATA	Konsehal
KGG. ZALDY R. HUGO	Konsehal
KGG. EDITH S. BULUAG	Konsehal
KGG. MARCELINO B. ZABAT	Konsehal
KGG. NENITA DS. GONZALES	Konsehal
KGG. ATHUR L. SANCHEZ	Konsehal
KGG. ROLANDO DC. FERNANDO	Konsehal-ABC
KGG. JACKIELYN PAULA C. SINDAC	Konsehal-SK

Di-dumalo:

WALA

Kautusang Bayan Blg. 009-2007

KAUTUSANG BAYAN NAGSASAAD NG WASTONG PAGGALANG AT PAGPUPUGAY SA BANDILA NG PILIPINAS

Sapagkat, ang wastong paggalang sa ating Bandila ay sumasalamin sa pagmamahal at pagdakila sa ating Inang Bayan;

Sapagkat, ang ganitong gawi at pag-uugali ay dapat na patuloy na makintal sa kaisipan ng bawat tao mula sa pagkabata hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay;

Dahil dito, minarapat ng mga Kagalang-galang na Sangguniang Bayan ng Baler na isang Kautusang Bayan ang pagtibayin sa Wastong Paggalang at Pagpupugay sa ating Watawat:

Tuntunin 1 Ang lahat ng mga Tanggapang Nasyonal, Probinsyal, at Lokal, maging ang lahat ng mga Institusyong Pampaaralan ay inaatasan sa pagsasagawa ng pagtaas ng Bandila tuwing Lunes ng umaga at ang pagbaba sa Biyernes ng hapon kaalinsabay ng pag-awit ng Lupang Hinirang.

Tuntunin 2. Ang lahat ng mga dumaraang sasakyan ay hihinto bilang pagbibigay galang sa ating bandila.

Tuntunin 3. Ang lahat ng tao ay tatayo at haharap sa bandila at sasabay sa pag-awit ng Lupang Hinirang.

Tuntunin 4. Walang sinumang tao ang maaaring lumakad at sasakyang maaaring tumakbo sa sandaling hindi pa tapos ang ginagawang pagtataas ng bandila at ang pag-awit sa Lupang Hinirang.

Tuntunin 5. Ang sinumang mapatunayang lumalabag sa kautusan ito ay papatawan ng kaparusahang gaya ng mga sumusunod:

Unang paglabag- limang araw na paglilinis sa mga pampublikong lugar gaya ng parke, palengke, at iba pang lugar kung saan siya ay aatasang isagawa ang paglilinis.

Ikalawang paglabag- limang araw na paglilinis sa mga pampublikong lugar gaya ng parke, palengke at iba pang lugar kung saan siya ay aatasang isagawa ang paglilinis, isang beses na pagdalo sa pagtataas at pagbababa ng bandila sa Pamahalaang Bayan ng Baler

Ikatlong paglabag- pitong araw na paglilinis sa mga pampublikong lugar gaya ng parke, palengke, at iba pang lugar kung saan siya ay aatasang isagawa ang paglilinis at pagdalo ng dalawang beses sa pagtaas at pagbaba ng bandila sa Pamahalaang Bayan ng Baler

Tuntunin 6. Ang Kautusang Bayang ito ay agarang ipatutupad matapos na ito ay mapagtibay at maipagbigay alam sa pamamagitan ng pagpapaskel sa mga pampublikong lugar, at maging sa pagpapabandilyo sa buong bayan at pagpapaanunsiyo sa mga himpilan ng radyo dito sa ating bayan.

May-akda ng Ordinansa: **SB ZENAIDA S. QUERIJERO**

GLORIOSO A. VILLAFRANCA
SB Kalihim

Nagpapatunay:

Nelianto C. Bihasa

NELIANTO C. BIHASA
Pang. Punong Bayan-Tagapangulo

Pinagtibay:

ARTURO J. ANGARA
Punong Bayan